# Ibigay Mo sa Akin ang Bundok na Ito

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Hulyo 02, 2022

Ang mga bundok ay sumasagisag sa kalakasan at katatagan. Kumakatawan din ito sa matitinding pagsubok, imposible mga bagay, o kaya sa malalaking balakid sa pag-unlad natin bilang Kristiyano. Kailangan nating kausapin ang ating mga bundok, sa halip na ipagsabi ang mga ito.

Tiyak, maaari nating utusan ang ating mga bundok (kahirapan, karamdaman, at iba pang mga pagsubok) dahil mayroon tayong kapangyarihang naghihintay lamang ng pagkakataong mailabas ito. Tiniyak ng Diyos sa atin na kung tayo ay may pananampalataya at tunay na naniniwala, ang lahat ng ating panalangin ay ating makakamtan.

**1. Kailangan nating sumunod at umasa sa ating pinaniniwalaan.**

"Magtiwala sa Diyos…kung sabihin ninuman sa bundok na ito, na hindi nag-aalinlangan kundi nananalig na mangyayari ang sinabi niya, ito'y gagawin ng Diyos para sa kanya (Marcos 11:22-24).

1.1. Naniwala sina Josue at Caleb na matatanggap nila ang lupang pangako; at tunay na pinangunahan nila ang mga sumunod na henerasyon patungong lupang pangako (Josua 14:12).

1.2. Ipinangako kay Abraham na magiging ama siya ng maraming bansa: bagamat, si Sara ay matanda na at baog pa, natupad ang pangako pagkatapos ng 20 taon.

**2. Pag-aralan natin paano ilipat ang mga bundok:**

2.1. **Patawarin ang nagkasala sa iyo** ( Mk.11:25)

2.2. **Umasa sa integridad at katapatan ng Diyos.** Tapat ang Diyos sa Kanyang pangako (Isa.55:9). Huwag tayong umasa sa tao.

2.3. **Hayaan nating lumago ang ating pananampalataya dahil tapat ang Diyos sa kanyang mga Salita** (Jer.1:12; Mt.21:21-22). Hindi nagbabago ang Diyos (Mal.3:6).

2.4. **Panghawakan ang mga pangako ng Diyos.**

Ang mga dumaranas ng malubhang karamdaman ay magkakaroon ng kagalingan; sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, walang imposible (Mt.9:21).

2.5. **Sanayin ang dila sa pagsasalita ng mabubuti at mga positibong bagay.** Ang buhay at kamatayan ay sa dila nakasalalay, makikinabang ng bunga nito ang dito ay nagmamahal "(Kawikaan 18:21).

2.6. **Umayon sa Salita ng Diyos, huwag sa mundo**. Tinitiyak ng Diyos na ang Kanyang mga salita ay may kapangyarihan (Marcos 11:12-14).

3. **May Dalawang uri ang Bundok:**

3.1. Ang Bundok ng Diyos - mga bundok ng kahirapan na hinayaan ng Diyos na maranasan natin (1Cor.10:13); Isaias 49:11). Ipinararanas ng Diyos ang mga ito upang lumago ang ating espiritwal na buhay.

3.2. Mga Bundok ni Satanas- kumakatawan sa mga harang na dulot ng kaaway. Kayang pigilin ng Diyos si Satanas, ngunit pinahihintulutan siya ng Diyos upang mapatunayan ang ating pananalig at pagmamahal sa Kanya (Hosea 4:6;Tessa.2:18).

4. **Kung malapit tayo sa Diyos, malapit din tayo sa Kanyang Krus**.

4.1. Hanggat hindi tayo nagkakaroon ng pagsubok o pag-uusig hindi natin masasabi na tayo ay kasama sa mga taga-pagmana sa kaharian ng Diyos. May karapatan tayong gamitin ang pangalan ni Hesus, at sawayin ang salita ng kalaban (Hebreo 4:12).

4.2. Kapag nagsalita ang Diyos, maniwala ka. Lahat ng sinasabi Niya ay mangyayari, ayon sa ating pananampalataya (Juan 20).

4.3. Meron tayong karapatan na sabihin sa ating bundok na kumilos. Maniwala upang makaranas ng tanda at himala (Juan 14:12; Marcos 16:15).

4.4. Kapag may malaking bundok bigkasin ang Kanyang salita (Deut.6:13).

**Konklusyon:**

Tinatawag tayo ng Diyos sa isang buhay na ganap. Kung gusto ng Diyos na gamitin tayo, mangyayari ito, ituturo Niya ang ating sasabihin (Exo.4:12). Sumunod tayo ano man ang kahihinatnan nito.

**Pagninilay**:

Ano ang iyong mga "bundok"? Paano mo ito hinaharap at kinakausap?


**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananalig; #Pagsunod; #PPagsubok